# PAANO GAGAMITIN ANG IYONG SERBISYONG 3-BASURAHAN




PENRITH
CITY COUNCIL

penrith.city

# Basurahang FOGO na may berdeng takip

Ang may berdeng takip na basurahan ay ang iyong mga Organiko sa Pagkain at Hardin FOGO (Food Organics and Garden Organics (FOGO)) na basurahan. Ang basurahang ito ay lingguhang kinokolekta at para sa mga mumo, tira-tirang pagkain, mga ginapas na damo, mga tinapyas sa hardin, mga kahon ng pizza, papel ng 'fish and chips', tisyu at iba pang katulad na bagay.





**Narito ang ilang mga halimbawa ng mga bagay na maaaring ilagay sa iyong FOGO bin:**

- ✓ Mga buto
- ✓ Mga sangay
- ✓ Dinurog na kape
- ✓ Mga berdeng nabubulok na bag (compostable bags) mula sa Council
- ✓ Mga produkto ng gatas
- ✓ Mga taba at langis
- ✓ Isda
- ✓ Mga bulaklak
- ✓ Ginapas na damo
- ✓ Litter o dumihan ng pusa (luad o gawa sa papel)
- ✓ Mga dahon
- ✓ Tira-tirang pagkain/ Mumo
- ✓ Karne
- ✓ Dyaryo
- ✓ Mga platong papel (Paper plates)
- ✓ Tuwalyang papel (Paper towel)
- ✓ Mga dumi ng hayop
- ✓ Buhok ng alagang hayop
- ✓ Mga karton ng pizza at papel na pinaglagyan ng pagkain (hal. mga pinambalot ng fast food, butchers paper (papel ng pinambalot ng karne), atbp.)
- ✓ Mga tinapyas sa halaman
- ✓ Mga balat ng hipon at sugpo
- ✓ Mga napkin
- ✓ Mga teabag at mga dahon ng tsaa
- ✓ Mga tisyu
- ✓ Mga maliliit na sanga at patpat
- ✓ Mga pinagbalatan ng gulay
- ✓ Mga damo
- ✓ Kahoy at troso (na hindi nilagyan ng kemikal at walang pintura)

Kung naubusan ka ng mga berdeng bag, ang mga karagdagang bag ay maaaring makuha nang libre mula sa alinman sa mga Opisina ng Konseho o mga sangay ng silid-aklatan.

# May dilaw na takip na Panresiklong Basurahan





Ang may dilaw na takip na panresiklong basurahan ay para sa mga narereresiklo na tulad ng papel, karton, bote, lata, garapon, lata at tub na maaaring muling malikha bilang mga bagong materyales.



Mangyaring huwag maglagay ng anumang mga plastik na bag sa iyong panresiklong basurahan dahil maaari itong magbara sa makinarya at maiwasan tuloy makuha ang iba pang mga bagay na ireresiklo.





**Narito ang ilang mga halimbawa ng mga bagay na maaaring mapunta sa iyong panresiklong basurahan:**

- ✓ Mga lata ng aerosol
- ✓ Mga latang aluminyo
- ✓ Mga bote at garapon
- ✓ Karton
- ✓ Mga sobre
- ✓ Mga boteng babasagin
- ✓ Junk mail (mga papel ng mga patalastas)
- ✓ Mga magasin
- ✓ Mga dyaryo
- ✓ Papel
- ✓ Mga botelyang plastik
- ✓ Mga lalagyang plastik
- ✓ Mga plastik na tub
- ✓ Mga lata ng soft drink
- ✓ Mga latang bakal
- ✓ Mga lalagyan ng takeaway
- ✓ Mga tetrapak at mga karton
- ✓ Mga lata
- ✓ Mga roll na karton ng toilet paper
- ✓ Papel na pambalot



Siguraduhin na ang mga lalagyan ay walang laman at banlawan upang matanggal ang anumang likido o basurang pagkain bago ilagay ang mga ito sa basurahan.

# May pulang takip na Basurahan para sa Natitirang Iba pa

Ang may pulang takip na basurahan ay para sa basura na hindi napupunta sa iyong mga FOGO o mga panresiklong basurahan. Ang basurang ilalagay sa residual na basurahan ay hindi maaaring magamit muli at, dahil dito ay ipinadadala sa landfill. Mahalaga na walang bagay na maireresiklo, basurang pagkain o mga organiko sa hardin ang ilalagay sa basurahang ito.











**Narito ang ilang mga halimbawa ng mga bagay na maaaring mapunta sa iyong residual na basurahan:**


- ✓ Mga pakete ng chips
- ✓ Mga upos ng sigarilyo
- ✓ Mga kasuotan
- ✓ Mga babasaging tasa't pinggan/ kutsara't kubyertos
- ✓ Mga produktong pangkalinisan (Hygiene products)
- ✓ Mga litter o dumihan ng pusa (crystal-based)
- ✓ Mga nappy
- ✓ Mga plastik bag
- ✓ Mga plastik film
- ✓ Mga paketeng plastik
- ✓ Mga plastik na pambalot
- ✓ Mga shopping bag
- ✓ Styrofoam polystyrene
- ✓ Mga pambalot



Huwag maglagay ng anumang mapanganib na basura tulad ng mga baterya, pintura o tangke ng gas sa basurahang ito dahil ang mga bagay na ito ay maaaring maging sanhi ng pagkasunog ng trak. Ang mga bagay na ito ay maaaring dalhin nang libre sa Sentro ng Pagresiklo sa Komunidad ng Penrith (Penrith Community Recycling Centre).


# Gabay sa Paghihiwa-hiwalay ng basura sa 3-Basurahan

## FOGO na Basurahan





Walang mga plastik bag, walang nareresiklo, walang baso at walang mga karayom/matatalas

## Panresiklong Basurahan





Walang mga plastik bag, walang pagkain, walang likido at walang mga karayom/ matatalas

## Residual na Basurahan




Walang pagkain, walang damo, walang nareresiklo at walang mga karayom/ matatalas

## Koleksyon ng Malalaking Basura



## Sentro ng Pagresiklo sa Komunidad



# Koleksyon ng Malalaking Basura

Ang mga bagay na masyadong malaki o mabigat para kolektahin sa iyong mga basurahan ay maaaring makolekta bilang isang koleksyon ng malalaking basura.

Ang mga propyedad ay may nakalaan na hanggang sa apat na koleksyon ng malalaking basura bawat taon. Ang mga koleksyon ay dapat na hindi hihigit sa dalawang metro kubiko ang laki (halos sinlaki ng isang box trailer).

**Narito ang ilang mga halimbawa ng mga bagay na maaaring isama sa koleksyon ng malalaking basura:**

- ✓ Mga hindi na gustong kasangkapan
- ✓ Mga kutson
- ✓ Mga kagamitang de kuryente
- ✓ Mga tinapyas sa hardin (dapat nakakahon)
- ✓ Mga sanga ng puno (nakabungkos nang hindi hihigit sa 1.2m ang haba at hindi mabibigat)
- ✓ Mga maliliit na gamit sa bahay (dapat nakakahon o nasa bag)

Para sa karagdagang impormasyon kung paano mag-book para sa koleksyon ng malalaking basura, mangyaring bisitahin ang **penrith.city/bulkywaste**

# Sentro ng Pagresiklo sa Komunidad

Pinapayagan ng Sentro ng Pagresiklo sa Komunidad ng Penrith (Penrith Community Recycling Centre (CRC)) ang mga residente na dalhin dito para iresiklo ang mga problemang basura mula sa kanilang bahay.

**Narito ang ilang mga halimbawa ng mga bagay na maaaring dalhin sa CRC:**

- ✓ Mga baterya
- ✓ Mga basurang elektroniko (mga kompyuter, telebisyon, mobile phone at aksesorya)
- ✓ Mga bumbilya at tube na fluro
- ✓ Mga tangke ng gas at pamatay-sunog (fire extinguisers)
- ✓ Motor at iba pang mga langis
- ✓ Pintura
- ✓ Payak na puting polystyrene

Ang CRC ay matatagpuan sa Gate 3, 96 Dunheved Circuit, St Marys at bukas ito mula Lunes hanggang Biyernes mula 8.30nu-2nh at Sabado mula 8nu-12nh.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang **penrith.city/CRC**

Community Recycling Centres

# Mga Pagpipilian sa Serbisyo ng 3-Basurahan

Upang gawing simple at maginhawa ang pag-uuri ng iyong basura, nag-aalok kami ng iba't ibang mga pagpipilian sa serbisyo upang umangkop sa mga pangangailangan sa basura ng iyong sambahayan.


Ang apat na pinaka-karaniwang mga pagpipilian sa serbisyo na pinili ng mga residente ay ipinapakita sa ibaba.

Kung nahihirapan kang pagkasyahin ang mga basura sa panresiklong basurahan, maaari kang humiling ng mas malaking basurahan o makipag-ayos na maragdagan ng pangalawang basurahan ang iyong kasalukuyang serbisyo sa basura.

Upang gumawa ng pagbabago o makipag-usap sa isang tao tungkol sa iyong serbisyong basura, tumawag sa Konseho sa **4732 7777**.


## Likas-kayang Serbisyo

**240L** Basurahang FOGO **Lingguhan**
**240L** Pagresiklong Basurahan**Kada Ikalawang Linggo**
**140L** Residual na Basurahan**Kada Ikalawang Linggo**





## Serbisyo para sa Malalaking Residual na Basura

**240L** Basurahang FOGO **Lingguhan**
**240L** Pagresiklong Basurahan**Kada Ikalawang Linggo**
**240L** Residual na Basurahan**Kada Ikalawang Linggo**





## Lingguhang Serbisyo para sa Malalaking Residual na Basura

**240L** Basurahang FOGO **Lingguhan**
**240L** Pagresiklong Basurahan**Kada Ikalawang Linggo**
**140L** Residual na Basurahan **Lingguhan**




## Lingguhang Serbisyo para sa Malalaking Residual na Basura

**240L** Basurahang FOGO **Lingguhan**
**240L** Pagresiklong Basurahan**Kada Ikalawang Linggo**
**240L** Residual na Basurahan **Lingguhan**



# Ang Sirkulong Ekonomiya ng FOGO

## Magsimula dito



## App ng Kampeon sa Basura ng Penrith (Penrith Waste Champion App)

Para sa higit na kapaki-pakinabang na impormasyong nauugnay sa basura, i-download ang Penrith Waste Champion App mula sa Google Play o sa Apple App Store. Ang app ay may kasamang kalendaryo ng koleksyon ng 3-basurahan upang matulungan kang maalala ang iyong araw ng basura, impormasyon sa paparating na mga kaganapan sa basura at madaling gamiting mga mungkahi sa pag-uuri kung hindi ka sigurado kung aling basura ang gagamitin.



Ang proyektong ito ay inisyatiba ng Awtoridad sa Pangangalaga sa Kapaligiran ng NSW (NSW Environment Protection Authority) na pinondohan mula sa buwis sa basura (waste levy).

PENRITH CITY COUNCIL